SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 20, 2023, LUNES, IKA-9:08 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN ... 08 MAR 2023 ... Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 237-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 200-T2022/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 13-T2022 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG DAAN APATNAPU'T ANIM NA LIBO APATNARAAN ANIMNAPU'T PITONG PISO AT PITUMPUNG SENTIMOS (P546,467.70) PARA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) FUND NG BARANGAY GATID.**

**SAPAGKAT**, iniliwat ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan ang Kapasiyahan Blg. 200-T2022 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 13-T2022 ng Barangay Gatid na naglalayong makapagpatibay ng 5% Gender and Development (GAD) Fund ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** ito ay napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay matalakay at malaman ng mga kasapi ang mga pangunahing pangangailangan ng barangay na paglalaanan ng naturang pondo ay ipinasya ng Tagapamuno ng naturang lupon na irekomenda ang pagpapatibay nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 200-T2022/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 13-T2022 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P546,467.70 para sa Limang Bahagdan (5%) Gender and Development (GAD) Fund ng Barangay Gatid.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 20, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

3/6/23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

030623206